AHA! LEARNING CENTER'S ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**BATA, MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?**
**FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**
**Lesson 1**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **"COVID-19 at ang Kaibahan nito sa Ibang Sakit".** Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

| **Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 1** |
|---|
| Book Title: A Kids' Book About Covid |
| Author: Malia Jones |
| Sources: A Kids' Book About Covid & Department of Health |
| **I.PAGBATI**<br>Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Ako po si Teacher ____ 👩🏫, at nandito ako para sagutin at ipaliwanag ang inyong mga katanungan tungkol sa COVID-19. ❓🦠<br><br>**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**<br>Sa araw na ito, sasagutan natin ang mga katanungan mula sa liham ni Jordan ng Mandaluyong.<br><br>📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:<br><br>Teacher, ano po ang COVID-19? Saan po ito nanggaling?<br><br>**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**<br>Hi, Jordan!<br><br>Salamat sa iyong katanungan. 🤗 |

--

Unang-una bakit nga ba binansagan itong COVID-19? 🤔

Ang salitang COVID ay tumatayo bilang maiksing termino sa Coronavirus Disease. Ang 19 naman ay hudyat kung kailan nagsimula ang pagkalat ng novel coronovirus 🦠 - noong taong 2019.

Marahil ay naririnig mo na tinatawag na itong "pandemic". Ibig sabihin kumakalat na ang coronaviruses sa malaking bahagi ng mundo. 🦠🌎

Ngunit, saan nga ba nagmumula ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay nagmula sa coronaviruses. Isa itong maliit na virus na nakikita lamang kapag gumamit ng microscope. 🔬

Ano ang virus?

Ang virus ay isang klase ng germs na kailangang makapasok o makakapit sa isang host tulad ng tao, hayop, o halaman upang magreplika o gumawa ng maraming kopya ng sarili niya. Nabubuhay at tumatagal din sila sa mga bagay tulad ng doorknob at lamesa.

Pero, ano nga bang mangyayari kapag nakapasok ang coronaviruses sa loob ng ating katawan?

Maaari itong magdulot sa atin ng ng lagnat, ubo't sipon, pag-iksi ng hininga, at kahirapan sa paghinga. Pero maaari din namang maging asymptomatic tayo o walang maramdaman na sintomas ng COVID-19.

Ngayon, paano nga ba kumakalat ang coronaviruses sa mga tao?

Sa pamamagitan ng "droplet transmission" 🗣. Ibig sabihin nito, ang coronaviruses ay napapasa kapag natalsikan tayo ng plema mula sa pag-ubo o sipon mula sa pagsinga sa ating mga entry points - mata, ilong, o bibig.

**IV.✊ HAMON**

Nakakatakot siya diba? Pero ang mabuting balita, may mga simpleng paraan kung paano maiiwasan at malalabanan ito. 👊

Una, huwag kang mangungulangot kung madumi ang iyong mga daliri 🤫. Pero kung 'yan talaga ang gusto ng puso mo, siguraduhin mo na lang na maghugas ka ng kamay upang malinis ang mga daliri na ipangdudutdot mo. 🧼🖐

Paano nga ba ang wastong paghuhugas ng kamay? Gaano ito katagal?

Sabunang 🧼 maigi ang ating mga daliri ✊, mga kuko 💅, mga puwang ng daliri 🖐, mga palad 🤲, at maging ang likod ng ating mga kamay ✋ sa loob ng 20 segundo 🕐. Pagkatapos ay banlawan ito sa dumadaloy na tubig. 🚰

Paano ito mao-orasan?

Sa pamamagitan ng pagkanta ng dalawang beses na "Happy Birthday" 🥳 o ng tatlong beses na "Tong Tong Tong Pakitong Kitong" 🦀. Pwede ring sa pamamagitan ng pagdarasal ng tatlong beses ng "Our Father". 🙏🏻

Paano kung hindi ka makakapaghugas ng kamay?

Kung hindi makakapaghugas ng kamay ay gumamit ng alcohol na may 70% solution. ➕🤲

Makakatulong din kung manatili muna tayo sa loob ng bahay 🏠, o di kaya'y lalayo muna ng isang metro sa ating mga kakilala. 🚶‍♂️ 🚶‍♀️

Kita mo? Sa iyong maliit na paraan, makakatulong ka nang malaki para sa ating bayan. 🇵🇭

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Bakit tinawag na COVID-19 ang sakit na nagmula sa coronaviruses?
🔎 Bakit ito tinaguriang pandemic?
🔎 Ano ang ginagamit para makita ang mga viruses?
🔎 Anu-ano ang mga simpleng paraan upang maiwasan ang pagpasok ng coronaviruses sa ating katawan?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 👧🏻👦🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."